Mensahe Dalawa

## Natututuhan ang Lihim ng Paggawa ng Lahat ng Bagay kay Kristo bilang ang Nagpapalakas na Isa upang Ipamuhay natin si Kristo, Ipadakila si Kristo, at Tamuhin si Kristo para sa Kanyang Kaluwalhatian sa Ekklesia

Babasahin sa Kasulatan: Fil. 1:19-21a; 2:2; 3:14; 4:6-8, 11-13

**I. Natutuhan ni Pablo ang lihim ng paggawa ng lahat ng bagay kay Kristo bilang ang nagpapalakas na Isa—Fil. 4:11b-13:**

A. Ang pariralang *natutuhan ang lihim* ay nagpapahiwatig na si Pablo ay dumating sa isang bagong situwasyon, isang bagong kapaligiran; sa tuwing inilalagay tayo sa isang bagong kapaligiran, kailangan nating matutuhan ang lihim ng pamumuhay sa kapaligirang iyon.

B. *Natutuhan ko ang lihim* ay literal na nangangahulugang "Ako ay pinasinayaan"; ang talinhaga dito ay tumutukoy sa pagpapasinaya sa isang tao tungo sa isang sikretong lipunan kalakip ang tagubilin sa mga panimulang prisipyo nito.

C. Matapos magbalik-loob si Pablo kay Kristo, siya ay pinasinayaan tungo kay Kristo at tungo sa Katawan ni Kristo; sa gayon ay natutuhan niya ang lihim kung paanong kunin si Kristo bilang buhay (Col. 3:4), kung paanong ipamuhay si Kristo (Fil. 1:21a), kung paanong ipadakila si Kristo (b. 20), kung paanong tamuhin si Krsito (3:8, 12), at kung paanong magkaroon ng buhay ekklesia (1:8, 19; 2:1-4, 19-20; 4:1-3).

**II. Ang mga mananampalataya ay mga disipulo, mga tagatuto, na natututuhan ang lihim, ito ay ang matutuhan si Kristo kung paanong ang realidad ay nakay Hesus sa pagpapahintulot sa Espiritu ng realidad na gabayan sila tungo sa lahat ng realidad ng aktuwal na kundisyon ng buhay ni Hesus gaya ng itinalá sa apat na Ebanghelyo, isang buhay kung saan ginawa ni Hesus ang lahat ng bagay sa loob ng Diyos, kasama ang Diyos, at para sa Diyos; ang Diyos ay nasa Kanyang pamumuhay, at Siya ay kaisa ng Diyos—Juan 16:13; Efe. 4:20-21:**

A. Ang mga tagasunod ni Kristo ay ginawang disipulo sa pamamagitan ng pantaong pamumuhay ni Kristo sa lupa bilang isang modelo ng isang Diyos-tao—ipinamumuhay ang Diyos sa pamamagitan ng pagtatatwa ng Kanyang sarili sa Kanyang pagkatao (Juan 5:19, 30), binabago ang kanilang mga konsepto hinggil sa tao (Fil. 3:10; 1:21a).

B. Dahil ipinamuhay ni Kristo ang Diyos sa pamamagitan ng pagtatatwa ng Kanyang sarili sa Kanyang pagkatao, Kanyang "natutuhan ang pagsunod mula sa mga bagay na Kanyang dinanas" (Heb. 5:8), "naging masunurin hanggang kamatayan, at yaon ay ang kamatayan ng krus" (Fil. 2:8).

C. Natututuhan natin si Kristo (Mat. 11:29) ayon sa Kanyang halimbawa, hindi sa ating natural na buhay kundi sa pamamagitan ng Kanyang buhay sa pagkabuhay na muli, na isang buhay ng pagsunod; ang isang disipulo ay isa na pinamumuhay ang dibinong buhay sa kanyang pantaong buhay.

D. "Ako ay nasa pagbabawi na pinagmamasdan kung paano kumilos si Brother Watchman Nee sa loob ng labing-walong taon. Lahat ng napansin ko sa kanya ay naging pagdidisipulo sa akin" (*The Collected Works of Witness Lee, 1994–1997,* vol. 5, "The Vital Groups," p. 76).

E. Bilang mga disipulo ng Panginoon, Kanyang mga tagatuto, tayo ay patuloy na nasa ilalim ng Kanyang pagsasanay bilang ang biyaya ng Diyos, na nagpakita rin sa atin bilang "ang kabutihan at ang pag-ibig sa tao ng ating Diyos na Tagapagligtas"; ang biyayang ito ang "nagsasanay sa atin, tinatakwil ang di-pagkamakadiyos at mga makasanlibutang pita, dapat tayong mabuhay nang may katinuan at matuwid at makadiyos sa kasalukuyang kapanahunan, naghihintay sa pinagpalang pag-asa, maging ang pagpapakita ng kaluwalhatian ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas, si Hesu-Kristo"—Tito 3:4; 2:11-13.

F. Dahil ang mga kapatid na babae sa ekklesia ay mga disipulo ng Panginoon, ang mga mas nakatatandang kapatid na babae ay dapat makiisa sa Panginoon upang sanayin ang mga nakababatang kapatid na babae "na mahalin ang kanilang mga asawang lalaki, na mahalin ang kanilang mga anak, na may kahinahunan ang kaisipan, dalisay, gumagawa sa tahanan, mabuti, nagpapasakop sa kanilang mga asawang lalaki, upang hindi libakin ang salita ng Diyos"—2:3-5.

G. Bilang mga disipulo ng Panginoon, kailangan nating sumunod sa salita ng Panginoon na "humayo at pag-aralan kung ano ang ibig sabihin nito"; ninanais ng Diyos na magpakita ng habag sa mga kaawa-awang makasalanan, kaya't ninanais Niyang magpakita tayo kahabagan sa pag-ibig tungo sa iba—Mat. 9:12-13; Mikas 6:6-8; Marc. 12:33.

**III. Ang lihim sa Filipos 4 ay ang gawin ang lahat ng bagay kay Kristo bilang ang Isa na nagpapalakas sa atin—b. 13; *Himno,* #564:**

A. Si Pablo ay isang tao sa loob ni Kristo (2 Cor. 12:2a), at ninais niyang masumpungan siya ng iba sa loob ni Kristo; sa Filipos 4:13 ay kanyang dineklara na nakaya niyang gawin ang lahat ng bagay sa loob Niya, ang mismong Kristo na nagpapalakas sa kanya; ito ay isang nagpapaloob ng lahat na salita hinggil sa kanyang karanasan kay Kristo; ito ay katumbas ng salita ng Panginoon sa Juan 15:5 hinggil sa ating organikong pakikipag-ugnay sa Kanya: "Hiwalay sa Akin ay wala kayong magagawa."

B. Si Pablo ay pawang nasa maka-Hudyong relihiyon sa ilalim ng kautusan at laging nasusumpungan ng iba sa loob ng kautusan, subalit sa kanyang pagbabalik-loob siya ay nailipat mula sa kautusan at sa kanyang dating relihiyon tungo kay Kristo at naging "isang tao sa loob ni Kristo—2 Cor. 12:2a.

C. Ngayon ay inasam niya na masumpungan siya sa loob ni Kristo ng lahat ng nag-oobserba sa kanya; ito ay nagpapahiwatig na inasam niya na ang kanyang buong katauhan ay mababaran at matigmakan ni Kristo upang lahat ng nag-oobserba sa kanya ay masumpungan siyang lubusang nasa loob ni Kristo; tanging kapag tayo ay nasumpungan sa loob ni Kristo ay saka lamang maihahayag at mapapadakila si Kristo—Fil. 3:9a; 1:20.

D. Sa isang panig, sa pamamagitan ng pagpapalakas ni Kristo ay makakapamuhay tayo ng isang buhay na kuntento (4:11-12); sa kabilang panig, sa pamamagitan ng pagpapalakas ni Kristo ay maaari tayong maging totoo, marangal, matuwid, dalisay, kaibig-ibig, at may mabuting ulat (b. 8).

E. Ang salita ni Pablo tungkol kay Kristo bilang ang nagpapalakas na Isa ay inaaplay sa pagpapalakas ni Kristo sa atin upang ipamuhay Siya bilang ating pantaong katangian at sa gayon ay ipadakila Siya sa Kanyang di-nalilimitahang kadakilaan; ang ipamuhay ang isang buhay ng mga katangiang ito ay mas mahirap kaysa sa paggawa ng isang gawaing Kristiyano.

**IV. Ang praktikal na paraan upang gawin ang lahat ng bagay kay Kristo bilang ang nagpapalakas na Isa ay makikita sa Filipos 4:6-7: "Huwag kayong mabalisa sa anumang bagay, kundi sa lahat ng bagay, sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pasasalamat, ipaalám ninyo ang inyong mga kahilingan sa Diyos; at ang kapayapaan ng Diyos, na lumalampas sa pang-unawa ng bawa't tao, ang mag-iingat ng inyong mga puso at ng inyong mga pag-iisip sa loob ni Kristo Hesus":**

A. Si Kristo mismo ang kapayapaan ng Diyos, na lumalampas sa bawa't pang-unawa ng tao—Isa. 9:6; Juan 14:27; Luc. 7:50; Roma 3:17; 5:1; 8:6; 15:13; 16:20.

B. *Sa Diyos* ay nagpapakahulugan ng pagkilos tungo sa, sa pakahulugan ng isang buháy na pakikipag-isa at pakikipagniig, nagpapahiwatig ng pagsasalamuha; kaya, ang pakahulugan ng *sa Diyos* dito ay "sa pakikipagsalamuha sa Diyos"—Fil. 4:6.

C. Ang resulta ng pagsasagawa ng pagsasalamuha sa Diyos sa panalangin ay yaong tinatamasa natin ang kapayapaan ng Diyos; ang kapayapaan ng Diyos sa katunayan ay ang Diyos bilang

kapayapaan (b. 9) na nailalin tungo sa atin sa pamamagitan ng ating pakikipagsalamuha sa Kanya sa pamamagitan ng panalangin, bilang pangontra sa mga kaguluhan at panlunas sa kabalisahan (Juan 16:33).

D. Ang kapayapaan ng Diyos ang nagtatanod sa ating mga puso at mga pag-isip kay Kristo, pinapanatili tayong kalmado at mapayapa (cf. Isa. 30:15a); kung nais nating magkakaroon ng buhay na malaya sa kabalisahan, kailangan nating matanto na lahat ng ating mga sirkumstansya, mabuti o masama, ay naitakda na sa atin ng Diyos upang tulungan tayong tuparin ang ating tadhana upang tamuhin si Kristo, ipamuhay si Kristo, at ipadakila si Kristo (Roma 8:28-30; Mat. 10:29-31; 2 Cor. 4:15-18).

**V. Ang matutuhan ang lihim ng paggawa ng lahat ng bagay kay Kristo bilang ang nagpapalakas na Isa ay ang "manalangin upang makipagsalamuha kay Hesus," na siyang ating Hari, ating Panginoon, ating Ulo, at ating Asawang Lalaki (*Himno,* #784); ang panalanging nakikipag-ugnay sa Diyos ay binubuo ng mga salitang tunay na sinambit mula sa puso:**

A. Maaari tayong nasa isang situwasyon ng kapanglawan, depresyon, at kabiguan; dapat nating dalhin ang ating mga suliranin sa Panginoon at sabihin sa Kanya hinggil sa mga ito; Siya ang pinakamagaling na tagapakinig; nalalaman Niya ang ating damdamin, at nakikisimpatiya Siya sa ating puso; kaya Niya tayong aliwin at tulungan.

B. Dapat nating matanto na kapag mayroon tayong isang masusing pakikipag-usap sa Panginoon at ibubuhos ang ating puso sa Kanya, ang ating pagkamatalik sa Panginoon ay higit pang susulong, at higit pa natin Siyang makikilala; ang matalik na pakikipag-ugnay sa Kanya sa mga panahong ito ay sandaang beses na mas mainam kaysa sa ating karaniwang pakikipagsalamuha sa Kanya; sa mga pakikipag-ugnay na ito ay lumalago tayo sa buhay—Aw. 62:6-8; 56:8; cf. 1 Sam. 1:15.

C. Kung ang isang tao ay hindi kailanman lumuha sa harap ng Panginoon, hindi kailanman ibinahagi ang kanyang galak o lumbay sa Panginoon, at hindi kailanman nakipag-usap sa Panginoon hinggil sa kanyang mga pribadong bagay, siya kailanman ay hindi nagkaroon ng anumang matalik na pakikipagsalamuha sa Panginoon, at siya kailanman ay hindi nagkaroon ng anumang malalim na pagkabatid sa Panginoon; maaari lamang mabatak ang isang tao sa Panginoon sa pamamagitan ng paglalahad ng lahat ng bagay sa Kanya.

D. Siya ay lubhang sumisimpatiya sa bawa't suliranin natin; nagnanais ang Panginoon na pasanin ang lahat ng ating kabalisahan, at Siya ay masaya upang makinig sa ating pagsasalita; upang tamasahin Siya bilang ang buháy na tubig ng buhay, kailangan nating kausapin Siya bilang ating espirituwal na bato—Bil. 20:8; 1 Cor. 10:4; Exo. 17:6; *Himno,* #248.

E. Ang pamagat ng Awit 102 ay nagsasabi, "Isang panalangin ng isang nagdurusa, kapag siya ay nanghihina at nagbubuhos ng Kanyang mga reklamo sa harap ni Jehovah"; maaari tayong magreklamo sa Diyos, subalit marahil ang ating pagrereklamo ang pinakamainam na panalangin, ang pinakakaaya-ayang panalangin sa Diyos; habang tayo ay nagrereklamo, ang Diyos ay nagagalak sapagkat sinasanhi Niya ang lahat ng bagay na magkakalakip na gumawa ng mabuti upang tayo ay maiwangis sa larawan ng Kanyang Anak—Roma 8:28-29.

F. Ang Awit 73 ay isang talá ng isang tapat na panalangin ng naghahanap na salmista na halos matisod ng kanyang sariling pagdurusa at ng kariwasaan ng mga masama; inakala niya na dinalisay niya ang kanyang puso nang walang saysay sapagkat, sa halip na magtamasa ng materyal na kariwasaan, siya ay buong araw na sinalot at pinarusahan bawa't umaga—bb. 12-16:

1. Ang solusyon sa pagkabagabag ng salmista hinggil sa kariwasaan ng mga masama ay nakamtan sa santuwaryo ng Diyos (b. 17); una, ang santuwaryo ng Diyos, ang Kanyang pinananahanan, ay sa ating espiritu (Efe. 2:22) at, ikalawa, ito ay ang ekklesia (1 Tim. 3:15); ang magtungo sa santuwaryo ng Diyos ay ang bumaling sa ating espiritu at ang magtungo sa

mga pagpupulong ng ekklesia at mga pagpupulong ng ministeryo; sa ating espiritu at sa ekklesia ay matatanggap natin ang dibinong pahayag at matatamo ang paliwanag sa lahat ng mga suliranin natin.

2. Sa pamamagitan ng kanyang matapat na pakikipag-usap sa Panginoon at ang kanyang pagpasok sa santuwaryo ng Diyos, ang tagapaghanap ng Panginoon kalaunan ay naliwanagan ng Panginoon hanggang sa masabi niya sa Kanya, "Sino ang taglay ko sa kalangitan maliban sa Iyo? / At wala akong ninanais maliban sa Iyo sa lupa. / Ang aking laman at aking puso ay nanlulumo, / subalit ang Diyos ang bato ng aking puso at ang aking bahagi magpakailanman"—Aw. 73:25-26.
3. Ang intensyon ng Diyos sa Kanyang mga tagapaghanap ay ang masumpungan nila ang lahat-lahat kay Kristo at hindi magambala mula sa lubusang pagtatamasa kay Kristo; ang sukdulang kanaisan ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay ang maipamuhay natin si Kristo, maipadakila si Kristo, at matamo si Kristo para sa Kanyang kaluwalhatian sa ekklesia—Fil. 1:19-21a; 3:7-8; Isa. 43:7; 1 Cor. 10:31; 6:20; 1 Ped. 4:11; Efe. 3:16-21.

*© 2023 Living Stream Ministry*